SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-10 REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 13 MARSO 2000, IKA-9:20 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG BARANGAY SAN ISIDRO.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Gonzalo C. Siriel, Jr.	- Tagapangulo
Konsehal Jesus S. Dela Cruz	
Konsehal Cesar T. Baticos	
Konsehal Ramil O. Dimaplas	
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.	
Konsehal Eduardo K. Soriano	
Konsehal Juan S. Advincula	
Konsehal Angeles D. Bautista	
Konsehal Mae Arlene M. Talens	
Konsehal Eduardo G. Villamin	- Pangulo, Liga ng mga Barangay
Konsehal Randy P. Valencia	- Pangulo, Sanggunlang Kabataan

Hindi Nakadalo: Wala

KAPASYAHAN BLG. 024
Taong 2000

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PASASALAMAT SA SANGGUNIANG BARANGAY NG SAN ISIDRO AT MGA MAMAMAYAN NITO SA MAINIT NA PAGTANGGAP SA SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO SA NASABING BARANGAY.

SAPAGKA'T isa sa pangunahing layunin ng ating pamahalaan ay ang ipaabot hanggang sa mga liblib na pook ang mga programa at proyektong makatutulong sa pag unlad ng tao at ng pamayanan;

SAPAGKA'T ang paglalapit na ito ng gobyerno sa mga pamayanan ay makatutulong nang malaki upang makita at madama ng mga namumuno sa nakatataas na yunit ng pamahalaan ang mga pangangailangan at karaingan ng mga taong bayan at sa gayon sa pagtutulungan ng mga kinauukulang tao at ahensya ay mabigyan ito ng dagli at karampatang aksyon;

SAPAGKA'T isa sa nakikitang mayumlang hakbang ay ang paqdaraos ng sesyon ng Sanggunlang Bayan sa mga barangay upang magkaroon ng diyalogo at pakikipag-ugnayan sa mga taong-barangay at sa pamunuan ito;

SAPAGKA'T ang Sanggunlang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro ay nagkaisang idaos ang kanilang regular na sesyon sa mga barangay sa pamamagitan ng isang prosesong pinagkaisahan ng lahat;

SAPAGKA'T sa San Isidro na siyang panglabinlimang barangay na pinagdausan ng sesyon ngayong Marso 13, 2000, naging maayos, mapayapa at mabunga ang sesyong naganap at ito ay dahil na rin sa mainit at maluqod na pagtanggap na isinagawa ng Sanggunlang Barangay at ng mga mamamayan ng San Isidro.

DAHIL DITO sa mungkahi ni Konsehal Angeles D. Bautista na sinang-ayunan ng lahat –

IPINASYA tulad ng pagpapasiyang ito na ipaabot ang taospusong pasasalamat sa Sangguniang Barangay ng San Isidro at sa mga mamamayan nito sa malnit na pagtanggap sa Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro sa ginawang pagpupulong sa nasabing barangay.

IPINASYA RIN na Ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Sangguniang Barangay ng San Isidro sa pamamagitan ni Punong Barangay Rosalinda Candido para sa kanilang kaalaman at sanggunian.

Pinagtibay ng lahat. Marso 13, 2000

PINATUTUNAYANG WASTO:

VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

PINATITIBAYAN:

GONZALO C. SIÑEL, JR.
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan

merz/